



**Ang Dios  
at Ama  
ni Cristo**



**M**arami-rami rin ang ating alam tungkol kay Jesucristo, ang nag-iisa at tanging Bugtong na anak ng Diyos Ama; subalit kakaunti lamang ang nalalaman natin tungkol sa Dios Ama. Tinatawag natin siya na ating Ama, pero talaga bang alam natin kung sino Siya?

Sa isa sa mga talakayang kasama ang mga Apostol, sinabi ni Felipe kay Jesus, "ipakita mo sa amin ang Ama." Sumagot si Jesus na may pagkagulat: *"Ako ay nakasama na ninyo ng matagal at hanggang ngayon hindi nyo pa rin ako kilala."* Sa Juan 17, si Jesus ay nanalangin sa Ama. Inihayag Niya ng walang pag-aalinlangan ang kanyang kaugnayan sa Dios Ama. Si Juan ay nagpapatotoo sa Juan 1:18 na sinasabi: *walang tao nakakita sa Dios sa anumang oras, ang Bugtong na anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ay nagpahayag sa Kanya.*

Kaya, gaano natin kakilala ang Dios Ama? Ngayon, susubukan nating kilalanin at alamin ang tungkol sa Dios Ama at ni Jesucristo, at ang malalim na ugnayan nila sa isa't isa. Totoo na sa pamamagitan ng pagkilala kay Jesucristo at ng Ama at ang relasyon nila sa isa't isa ay magkakaroon tayo ng mas makabuluhang pagka-unawa at pagpapahalaga sa relasyon ating papasukin na kasama Sila sa darating na kaharian ng Dios.

### **Sino Ang Ama?**

Ang kuwento ay nagsimula sa Juan 1:1-2, "Nang pasimula ay naroon na ang Salita; ang Salita ay kasama ng Dios, at ang Salita ay

Dios. Sa pasimula ay kasama na siya ng Dios." Ang SALITA, "Logos" sa wikang Griyego, ay nangangahulugan bilang isang tagapagsalita o ang isang nagsalita o ang isa na nagsasalita. Sa simula ay ang SALITA—nakasama ng Dios at Siya rin ay Dios.

Dito, ipinamalas sa atin ang dalawang hiwalay at magkaibang nilalang na nagtataglay ng banal na katangian. Sila ay nagpapalitan ng kanilang mga ideya o nag-uusap sa madaling salita. Ang isa ay nagsasalita at nakikinig sa isa. Ang dalawa ay magkasundo.

Ang **Simula** ay tumutukoy sa isang punto sa panahon kung kailan nagsimula ang lahat. Kailan ito nagsimula? Maaaring ito ay mula sa nakalipas na walang-hanggan o maaari rin naman itong tumukoy sa isang mas tiyak na simula gaya ng salaysay ng panahon ng paglikha na nasa aklat ng Genesis. Naniniwala tayo na ang Biblia ay nangungusap at nagpapatunay para sa ganang sarili, kaya hayaan nating ang Biblia mismo ang magbigay ng sarili nitong inspiradong interpretasyon at pagpapaliwanag. Sa konteksto ng banal na kasulatan, nangyari ito sa Genesis—Ang pasimula o ang simula...

Genesis 1:1

*Sa simula nilikha ng Dios ang langit at ang lupa*

Dito sa salaysay ng Genesis, ay nahayag sa atin ang kapangyarihan at dalisay na katotohanan tungkol sa likas na katangian ng Dios—ang paraan ng pagpapasya at ang malikhaing kapangyarihan ng Dios. *Ang Espiritu ng Dios ay nasa ibabaw ng kalaliman.* Kasama sa karaniwang pag-uusap, nagkasundo *Silang* bigyang-anyo ng lupa. (Ang maraming payo ay karunungan). Talata 26-27. Alam natin na hindi bababa sa dalawang nilalang sa pag-uusap na ito. Ang isang nagsasalita sa Genesis ay walang iba

kundi si Cristo.

### Genesis 1: 26-27

*Pagkatapos, sinabi ng Dios: “Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit.”*

*Nilalang nga ng Dios ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila’y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae.*

Alam natin ito dahil sa aklat ng Hebreo 1:1-14, at liham sa Taga Colosas 1:15-20. Si Jesus ang humaharap sa sangkatauhan mula pa noong panahon ni Adan. Naglakad Siya sa Halamanan ng Eden kasama si Adan, nagpakita kay Abraham, ay nagsalita kay Moises ng harapan gaya ng isang taong nakikipag-usap sa isang kaibigan at nagpakita rin Siya sa mga propeta. Ang Dios na nagsalita—ang Salita—Siya ay naging si Jesus Cristo. Siya ang Tagapaglikha. Nilikha niya ang kalangitan at ang lupa at lahat ng mga bagay; nakikita o hindi nakikita. Siya ay Dios at Siya ay ang Cristo. Siya mismo ang Tagapaglikha na dumating upang tubusin ang Kanyang mga nilikha.

### Hebreo 1:1-14

*Noong una, nangusap ang Dios sa ating mga ninuno sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta.*

*Ngunit nitong mga huling araw, siya’y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Dios ang sanlibutan, at siya ang piniling tagapagmana ng lahat ng bagay.*

*Ang Anak ang maningning na sinag ng Dios. Kung ano ang Dios ay*

gayundin ang Anak. Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita. Pagkatapos niyang linisin tayo sa ating mga kasalanan, siya'y umupo sa kanan ng makapangyarihang Dios doon sa langit

Ang Anak ay ginawang higit na dakila kaysa mga anghel, tulad ng pangalan na ibinigay sa kanya ng Dios ay higit na dakila.

Sapagkat kailanma'y hindi sinabi ng Dios sa sinumang anghel, "Ikaw ang aking Anak, mula ngayo'y ako na ang iyong Ama." Ni hindi rin niya sinabi sa kaninumang anghel, "Ako'y kanyang magiging Ama, at siya'y aking magiging Anak."

At nang isusugo na ng Dios ang kanyang panganay na Anak sa sanlibutan ay sinabi niya, "Dapat siyang sambahin ng lahat ng anghel ng Dios."

Tungkol naman sa mga anghel ay sinabi niya, "Ginawa niyang hangin ang kanyang mga anghel, at ningas ng apoy ang kanyang mga lingkod."

Ngunit tungkol sa Anak ay sinabi niya, "Ang iyong trono, O Dios ay magpakailan pa man, ikaw ay maghaharing may katarungan.

Katarunga'y iyong mahal, sa masama'y namumuhi; kaya naman ang iyong Dios, tanging ikaw ang pinili; higit sa sinumang hari, kagalakang tanging-tangi."

Sinabi pa rin niya, "Panginoon, nang pasimula'y nilikha mo ang sanlibutan, at ang mga kamay mo ang siyang lumikha ng kalangitan.

Maliban sa iyo, lahat ay lilipas, at tulad ng damit, lahat ay kukupas, at ililipit mong gaya ng isang balabal, at tulad ng damit, sila'y papalitan. Ngunit mananatili ka't hindi magbabago, walang katapusan ang mga taon mo."

Kailanma'y hindi sinabi ng Dios sa sinumang anghel, "Maupo ka sa kanan ko, hanggang lubusan kong mapasuko sa iyo ang mga kaaway mo."

Ano ang mga anghel, kung ganoon? Sila'y mga espiritung

*naglilingkod sa Dios at mga isinugo upang tumulong sa mga maliligtas.*

### Colosas 1:15–20

*Si Cristo ang larawan ng Dios na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha.*

*Sapagkat sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Dios sa pamamagitan niya at para sa kanya.*

*Siya ang una sa lahat, at ang buong sansinukob ay nananatiling nasa kaayusan sa pamamagitan niya.*

*Siya ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang pasimula, siya ang panganay na anak, ang unang binuhay mula sa mga patay, upang siya'y maging pangunahin sa lahat.*

*Sapagkat minarapat ng Dios na ang buo niyang kalikasan ay manatili sa Anak,*

*at sa pamamagitan ng Anak, niloob ng Dios na ang lahat ng bagay, maging sa langit o sa lupa, ay makipagkasundo sa kanya;*

### Ang Lahat ng Kapangyarihan

Ibinigay ng Dios Ama ang lahat ng kapangyarihan at kahukuman kay Cristo—lahat ng mga kapangyarihan. *Lahat ng bagay ay nilikha para sa Kanya at sa pamamagitan Niya.* Colosas 1:16 (tingnan ang katatapos na talata sa itaas). Lahat ng awtoridad ay ibinigay ng Ama kay Cristo. Narito ang pahayag ni Jesus sa Juan 5:20-27; 37 at sa Mateo 11:27; Inulit ito ng 28:18 bago ang kanyang pag-akyat sa Langit at sa sulat ni Pablo sa mga Taga Filipos 2:9-10.

**Juan 5:20-27**

*sapagkat minamahal ng Ama ang Anak at ipinapakita sa Anak ang lahat ng ginagawa niya at higit pa sa mga ito ang mga gawang ipapakita sa kanya ng Ama upang kayo'y humanga.*

*Kung paanong binubuhay ng Ama ang mga patay, gayundin naman, binubuhay ng Anak ang sinumang nais niyang buhayin.*

*Hindi humahatol kaninuman ang Ama, sa halip ay ibinigay na niya sa Anak ang buong kapangyarihang humatol*

*upang maparangalan ng lahat ang Anak, tulad ng kanilang pagpaparangal sa Ama. Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi nagpaparangal sa Ama na nagsugo sa Anak.*

*“Pakatandaan ninyo: ang nakikinig sa aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan, sa halip ay inilipat na siya sa buhay mula sa kamatayan.*

*Pakatandaan ninyo na darating ang panahon, at ngayon na nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Dios at ang sinumang makinig sa kanya ay mabubuhay.*

*Kung paanong ang Ama mismo ang pinagmumulan ng buhay, gayon din naman ang Anak na binigyan niya ng ganoong karapatan.*

*Binigyan din niya ang Anak ng kapangyarihang humatol, sapagkat siya ang Anak ng Tao.*

*At sinabi ni Jesus..*

**Juan 5:37**

*At ang Ama na nagsugo sa akin ay nagpapatotoo rin tungkol sa akin. Kailanma'y hindi ninyo narinig ang kanyang tinig ni nakita man ang kanyang anyo.*



Mateo 11:27

*“Ibinigay na sa akin ng aking Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga pinili ng Anak na pagpahayagan niya.*

Mateo 28:18

*Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, “Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa.*

Filipos 2:9-10

*At dahil dito, siya’y lubusang itinaas ng Dios, at ibinigay sa kanya ang pangalang higit sa lahat ng pangalan.*

*Sa gayon, sa pangalan ni Jesus ay luluhod at magpupuri ang lahatng nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa.*

Simula pa noong panahon ng paglikha si Cristo na ang humaharap at nakikipag-ugnayan sa sangkatauhan. Ang Dios na kilala nang sangkatauhan at nakakausap ay si Cristo. *Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya.* (Juan 1:18)

### **Kilalanin ang Ama**

Gaano natin kakilala ang Dios Ama? Marami tayong alam tungkol kay Cristo ngunit kakaunti lamang patungkol sa Ama, tama?

Sa huling hapunan si Jesus ay tahimik na nagpaalam sa mga alagad sa Juan 14:1-4.

*“Huweg na kayong mabalisa; sumampalataya kayo sa Dios, sumampalataya din kayo sa akin.*

*Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan?*

*At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon.*

*At alam na ninyo ang daan papunta sa pupuntahan ko."*

Sumingit si Felipe sa kanilang pag-uusap at sinabing "Panginoon, ipakita po ninyo sa amin ang Ama at masisiyahan na kami." Sumagot si Jesus, "Felipe, kaytagal na ninyo akong kasama, hanggang ngayo'y hindi mo pa ako kilala? (Juan 14:8-9)

Sa mga talata 9-11 ipinaliwanag ni Jesus sa mga alagad na ang lahat Niyang ginagawa ay gawain ng Ama. Pag nakikita nila si Jesus na gumagawa, ang Ama na gumagawa sa pamamagitan Niya. Ito ay ang pagkakaisa ng layunin at kalooban. Narito, ang ginagawa ni Jesus ang kalooban ng Ama.

Juan 5:36

*'Datapuwa't ang aking pagpapatotoo ay lalong dakila kay sa kay Juan; sapagka't ang mga gawang ibinigay sa akin ng aking Ama upang ganapin, ang gayon ding mga gawa na aking ginagawa, ay nagpapatotoo tungkol sa akin, na ako'y sinugo ng Ama"*

Sa natitirang sandali ng hapunang iyon, sinamantala ni Jesus ang pagkakataon upang ihayag at ipakilala ang Dios Ama sa mga alagad. Sa Huling Hapunan, ang mga talakayang nakatala sa Juan 14-17 ay nakatuon sa Dios Ama at hindi gaano sa banal na Espiritu. Ang buong tinalakay ni Jesus ay nakasentro sa katotohanan na ang Dios Ama ay isusugo ang banal na Espiritu upang makasama natin. Ang banal na Espiritu ay ating magiging mang-aaliw at

gabay. Ang banal na Espiritu ay darating mula sa Ama, hindi niya tayo iiwang ulila o mag-isa. Dahil mahal tayo ng Ama!

### Juan 17:1–26

*Pagkasabi ni Jesus ng mga pananalitang ito, tumingala siya sa langit at kanyang sinabi, “Ama, dumating na ang oras; parangalan mo na ang iyong Anak upang maparangalan ka niya.*

*Sapagkat binigyan mo ako ng kapangyarihan sa sangkatauhan upang bigyan ko ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay mo sa Anak.*

*Ito ang buhay na walang hanggan: ang makilala ka nila, ang iisa at tunay na Dios, at ang makilala si Jesu-Cristo na iyong isinugo.*

*Inihayag ko sa lupa ang iyong karangalan; natapos ko na ang ipinapagawa mo sa akin.*

*Kaya, Ama, ipagkaloob mo sa akin ngayon ang kaluwalhatiang taglay ko sa piling mo bago pa likhain ang daigdig.*

*“Ipinakilala na kita sa mga taong ibinigay mo sa akin mula sa daigdig. Sila’y iyo at ibinigay mo sila sa akin, at tinupad nila ang iyong salita.*

*Alam na nila na ang lahat ng ibinigay mo sa akin ay mula sa iyo; dahil itinuro ko sa kanila ang mga aral na ibinigay mo sa akin, at tinanggap naman nila. Natitiyak nilang ako’y tunay na galing sa iyo, at naniniwala silang ikaw nga ang nagsugo sa akin.*

*“Idinadalangin ko sila; hindi ang sanlibutang ito ang idinadalangin ko, kundi ang lahat ng ibinigay mo sa akin, sapagkat sila’y sa iyo.*

*Ang lahat ng sa akin ay sa iyo, at ang lahat ng sa iyo ay sa akin; at napaparangalan ako sa pamamagitan nila.*

*At ngayon, ako’y papunta na sa iyo; iiwanan ko na ang sanlibutang ito, ngunit sila ay nasa sanlibutan pa. Amang banal, ingatan mo po sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng iyong pangalan, ang pangalang ibinigay mo sa akin, upang kung paanong ikaw at ako ay iisa, gayundin*

*naman sila'y maging isa.*

*Habang kasama nila ako, iningatan ko sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng iyong pangalan, ang pangalang ibinigay mo sa akin. Pinangalagaan ko sila at walang napahamak sa kanila, maliban sa taong humanap ng kanyang kapahamakan, upang matupad ang kasulatan.*

*Ngunit ngayon, ako'y papunta na sa iyo, at sinasabi ko ito habang ako'y nasa sanlibutan pa upang mapuspos sila ng aking kagalakan.*

*Naibigay ko na sa kanila ang iyong salita, at kinapootan sila ng mga tao sa sanlibutang ito, sapagkat hindi na sila taga-sanlibutan, tulad ko na hindi taga-sanlibutan.*

*Hindi ko idinadalanging kunin mo sila sa daigdig na ito, kundi iligtas mo sila sa Masama!*

*Hindi sila taga-sanlibutan, tulad ko na hindi rin taga-sanlibutan.*

*Italaga mo sila sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ang katotohanan.*

*Kung paanong isinugo mo ako sa sanlibutan, gayundin naman, isinusugo ko sila sa sanlibutan.*

*At alang-alang sa kanila'y itinalaga ko sa iyo ang aking sarili, upang maitalaga rin sila sa pamamagitan ng katotohanan.*

*"Hindi lamang sila ang idinadalangin ko; idinadalangin ko pati ang mga mananalig sa akin dahil sa pahayag ng aking mga tagasunod.*

*Ama, maging isa natwa silang lahat. Kung paanong ikaw ay nasa akin at ako'y nasa iyo, gayundin naman, maging isa natwa sila sa atin upang ang mga tao sa daigdig ay maniwala na ikaw ang nagsugo sa akin.*

*Ibinigay ko na sa kanila ang karangalang ibinigay mo sa akin upang sila'y ganap na maging isa, tulad mo at ako na iisa.*

*Ako'y nasa kanila at ikaw ay nasa akin, upang lubusan silang maging isa. Dahil dito, makikilala ng mga tao sa daigdig na isinugo mo ako at sila'y minamahal mo, katulad ng pagmamahal mo sa akin.*

*"Ama, sila ay ibinigay mo sa akin at nais kong makasama sila sa*

*kinaroroonan ko upang makita nila ang karangalang ibinigay mo sa akin, sapagkat minahal mo na ako bago pa nilikha ang daigdig.*

*Mapagmahal na Ama, hindi ka kilala ng mga tao sa daigdig, ngunit kilala kita, at alam rin ng mga ibinigay mo sa akin na ikaw ang nagsugo sa akin.*

*Ipinakilala na kita sa kanila, at patuloy kitang ipapakilala, upang ang pagmamahal mo sa akin ay manatili sa kanila, at ako ay manatili rin sa kanila.”*

Ang nasabing panalangin ni Jesus sa Juan kabanatang 17 ay binalangkas ang buong talakayan ng gabing iyon. Noon pa man ang Dios Ama ay kumikilos sa pamamagitan ni Jesus Cristo! Kahanga-hanga. Ngayon, kilala mo na ba ng higit ang Dios Ama? Dapat lang!

### **Ang Gawain ng Ama**

Ang Ama ay nagsasagawa ng kanyang plano ayon kay Jesus. Juan 5:17, “*Ang aking Ama ay patuloy na gumagawa hanggang ngayon, at gayundin ako.*” Anu-ano ang mga gawain na ginagawa ng Ama? Ang gawain ng Ama ay upang tapusin ang layunin para sa sangkatauhan na Kanyang itinadhana bago pa Niya pasimulan ang lahat. Ang planong ito ay nakadetalye sa sulat sa mga Taga Efeso kabanata 1 (buong kabanata).

<sup>4</sup> *Bago pa likhain ang sanlibutan, pinili na niya tayo upang maging kanya sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo, upang tayo’y maging banal at walang kapintasan sa harap niya. Dahil sa pag-ibig ng Dios,*

<sup>5</sup> *tayo’y kanyang pinili upang maging anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban.*

<sup>6</sup> *Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!*

<sup>7</sup> *Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang dugo, at sa gayon ay pinatawad na ang ating mga kasalanan. Ganoon kadakila ang kanyang kagandahang-loob*

<sup>8</sup> *na ibinigay sa atin. Sa pamamagitan ng kanyang karunungan at kaalaman,*

<sup>9</sup> *ipinaunawa sa atin ng Dios ang hiwaga ng kanyang kalooban na isasakatuparan sa pamamagitan ni Cristo*

<sup>10</sup> *pagdating ng takdang panahon. Layunin niyang tipunin ang lahat ng nilikha sa langit at sa lupa, at ipasailalim ang mga ito kay Cristo.*

<sup>11</sup> *Dahil kay Cristo, tayo rin ay naging pag-aari ng Dios na siyang nagsagawa ng lahat ng bagay ayon sa layunin ng kanyang kalooban.*

<sup>12</sup> *Tayong mga unang umasa sa kanya ay pinili niya upang parangalan ang kanyang kaluwalhatian.*

<sup>13</sup> *Kayo man ay naging bayan ng Dios matapos ninyong marinig ang salita ng katotohanan, ang Magandang Balita na nagdudulot ng kaligtasan. Sumampalataya kayo kay Cristo, kaya't ipinagkaloob sa inyo ang Espiritu Santo na ipinangako ng Dios bilang tatak ng pagkahirang sa inyo.*

<sup>14</sup> *Ang Espiritu ang katibayan na makakamit natin ang mga pangako ng Dios para sa atin, hanggang sa makamtan natin ang lubos na kaligtasan. Purihin natin ang kanyang kaluwalhatian!*

Iba pang kaugnay na mga gawain na isinakatuparan ng Dios Ama:

Lucas 12:32 - Ikinalulugod ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang kaharian.

Juan 3:16 - Mahal niya tayo at isinugo niya si Jesus upang tubusin tayo.

Juan 14:26 - Siya ay nagkakaloob ng banal na Espiritu.

Juan 8:28 - Itinuro niya kay Cristo kung ano ang dapat salitain.

Juan 5:19 - Si Jesus ay walang magagawa sa ganang kanyang sarili kundi galing sa Ama.

Hebreo 1:2 - Nagsalita sa pamamagitan ng Kanyang Anak.

Mateo 11:27 - Lahat ng kapangyarihan ay ibinigay kay Cristo ng Ama

Mga Gawa 1:7 - Siya ang magtatakda sa oras ng ikalawang pagdating ni Cristo.

Mateo 24:36

*Ngunit tungkol sa araw at oras ang nakaalam walang sinuman, ni ang mga anghel sa Langit, kahit ang anak, kundi ang Ama lamang.*

### **Naisakatuparan ang Lahat**

Kaya ano ang ginagawa ng Dios Ama? Siya ay aktibong nagpapalano at kumikilos para sa ating kaligtasan. Mahal niya tayo at Siya ang nangangalaga sa atin. Siya mismo ay nagpapadala ng banal na Espiritu sa bawat isa sa atin. At siya ay kumikilos kasama ni Jesucristo para sa ating kaligtasan. Ang Ama, sa tamang panahon, ay isusugo muli si Cristo sa ikalawang pagkakataon upang ganap na maisakatuparan ang plano ng kaligtasan.

May plano ang Ama! Ang planong ito ay magdala ng maraming anak sa kaluwalhatian. Ito ay ang buong layunin ng paglikha.

Hebreo 2:10

*Sa pamamagitan ng mga pagtitiis, siya'y ginawang ganap ng Dios at nang sa gayon ay makapagdala siya ng maraming tao patungo sa kaluwalhatian. Ito'y dapat lamang gawin ng Dios na lumikha at nangangalaga sa lahat ng bagay, sapagkat si Jesus ang tagapanguna ng*

*kanilang kaligtasan.*

Sa dulo ng lahat ng bagay kapag nalupig at nawasak na ni Jesus ang lahat ng mga kaaway at naisakatuparan na ang buong plano, Ipapasa na ni Jesus ang buong kaharian sa Ama.

1 Corinto 15:26-28

*Ang kahuli-hulihang kaaway na kanyang lulupigin ay ang kamatayan.*

*Ganito ang sinasabi ng kasulatan, “Ang lahat ng bagay ay lubusang ipinailalim ng Dios sa kanyang kapangyarihan.” Ngunit sa salitang “lahat ng bagay,” maliwanag na hindi kasama rito ang Dios na siyang naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan ni Cristo.*

*At kapag ang lahat ay nasa ilalim na ng kapangyarihan ni Cristo, ang Anak naman ang papailalim sa kapangyarihan ng Dios na naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan niya. Sa gayon, lubusang maghahari ang Dios sa lahat!*

Ang Dios Ama ay mamumuhay sa piling ng mga tao. Naisakatuparan ang lahat ng bagay. Dios Ama ay magiging kasama mga tao sa bagong Herusalem. At tayo ay maglilingkod sa Kanya at makakapiling Niya. Siya ay magiging ating tanging Dios at tayo ang kanyang mga anak. Si Jesucristo ay bilang ating nakatatandang kapatid. Tayo ay magiging isang malaki at masayang banal na pamilya sa kaharian ng ating Ama!!!

Pahayag 21:1-7

*Pagkatapos nito, nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong daigdig. Wala na ang dating langit at daigdig, wala na rin ang dagat.*

*At nakita ko ang Banal na Lunsod, ang bagong Jerusalem na bumababa mula sa langit buhat sa Dios, gaya ng isang babaing ikakasal. Maganda*



*ang bihis at handa na siya sa pagsalubong sa lalaking kanyang mapapangasawa.*

*Narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, "Tingnan ninyo, ang tahanan ng Dios ay nasa piling na ng mga tao! Maninirahan siyang kasama nila, at sila'y magiging bayan niya. Makakapiling nilang palagi ang Dios at siya ang magiging Dios nila.*

*At papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, dalamhati, pagtangis, at paghihirap sapagkat lumipas na ang dating mga bagay."*

*Pagkatapos ay sinabi ng nakaupo sa trono, "Pagmasdan ninyo, binabago ko na ang lahat ng bagay!" At sinabi niya sa akin, "Isulat mo, maaasahan at totoo ang mga salitang ito."*

*Sinabi pa rin niya sa akin, "Naganap na! Ako ang Alpha at ang Omega, ang simula at ang wakas. Ang sinumang nauuhaw ay bibigyan ng tubig na walang bayad na mula sa bukal na nagbibigay-buhay;*

*ito ang makakamtan ng magtatagumpay. At ako'y magiging Dios niya at siya nama'y magiging anak ko.*

## **Buod**

Ngayon, kilala na natin ang Dios Ama. Siya ay patuloy sa Pagsasakatuparan ng lahat Niyang mga plano sa pamamagitan ni Jesucristo ang Kanyang Anak.

Ang Dios Ama ay ang Pinakamakapangyarihan sa lahat. Siya ay tunay na **Ang simula at ang wakas**, ang Alpha at ang Omega. Sa wakas ng panahon, ibibigay ni Jesus ang kaharian sa Ama. Ang Ama ay mananahan sa mga tao magpakailanman. Ang Ama at si Jesucristo ay mananahan sa Bagong Jerusalem. Sa huli, ang Ama kalaunan ang magkakaroon ng buong responsibilidad upang lahat ay maging para sa lahat.

Kaya nga, mga kapatid inaasam nating maging bahagi ng

kahanga-hangang kaharian ng Dios na ito. Sa madaling sabi, isang kaharian, binubuo ng mga nilalang na gaya ng Dios. Ang Dios ang ating Ama, si Jesucristo na ating kapatid at tayong lahat sa isang tahanan ng matuwid — sa kaharian ng ating Ama.

Pahayag 22:3-5

*Wala roong makikitang anumang isinumpa ng Dios. Makikita sa lunsod ang trono ng Dios at ng Kordero, at sasambahin siya ng kanyang mga lingkod.*

*Makikita nila ang kanyang mukha, at masusulat sa kanilang noo ang kanyang pangalan.*

*Doo'y wala nang gabi, kaya't hindi na sila mangangailangan pa ng mga ilaw o ng liwanag ng araw, sapagkat ang Panginoong Dios ang magiging ilaw nila, at maghahari sila magpakailanman.*

Ngayon, alam natin kung sino ang Ama!

1 Juan 5:20

*At nalalaman nating naparito na ang Anak ng Dios at binigyan niya tayo ng pang-unawa upang makilala natin ang tunay na Dios, at tayo'y nasa tunay na Dios, sa kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Siya ang tunay na Dios at buhay na walang hanggan.*

Purihin ang kanyang pangalan magpakailan-kailan pa man!!!

*Limbag ng Iglesia ng Dios Internasyonal (Pilipinas)*

**The Church of God International**  
**Meeting Places**

**Manila**

6th Floor, Peaksun Bldg.  
Princeton St.,  
Mandaluyong City  
Saturdays, 2 p.m.

**Naga**

New Crown Hotel  
Elias Angeles cor.  
P. Burgos St.,  
2nd-5th Saturdays  
10 a.m.

**Alabang**

Crimson Hotel,  
Entrata Urban Complex,  
Filinvest City, 2609 Civic Dr.,  
Muntinlupa City,  
Saturdays, 2 p.m.

**Cebu**

Rajah Park Hotel  
Fuente Osmeña Circle  
Cebu City  
1st Saturday of the Month  
1 p.m. - 4 p.m.

**Malolos**

Hiyas ng Bulacan  
Convention Center  
Malolos City  
Saturdays, 2 p.m.

**Mindanao**

Alzon's Palace, Maranding  
Lala, Lanao del Norte  
Saturdays 10 a.m.

**Iloilo City**

Iloilo Midtown Hotel  
Yulo St.  
Saturdays, 2 p.m.

Brgy. Kiara, Don Carlos,  
Bukidnon

1st & 3rd Saturday of the Month  
10 a.m.

## For Further Information

If you would like to visit a CGI congregation, or if you would like to speak with a CGI minister or representative with any questions you may have, feel free to write or call us. We will be delighted to serve you in any way possible.

United States:  
Church of God International  
P.O. Box 2525  
Tyler, TX 75710  
(903) 825-2525

Canada:  
Church of God International, Canadian Office  
121-525 Highland Rd. W.  
Kitchener, ON N2M 5P4

Australia:  
Church of God International  
P.O. Box 171  
Boonah, Qind 4310

Philippines:  
Church of God International  
Makati Central P.O. Box 2450  
1264 Makati City, Philippines  
Tel: (632) 995-0294  
Tel/Fax: (632) 995-0577  
Cel: 0917-8116365



This booklet is a free educational service  
in the public interest, published by  
The Church of God International, Philippines  
P.O. Box 2450, Makati Central P.O.  
1264 Makati City, Philippines